

FACT SHEET
RENT FREEZE (PAGTIGIL SA PAGTAAS NG RENTA)
Abril 21, 2020 Update

Kanino nalalapat ang Rent Freeze?

Ang Emerhensiyang Kautusan ay nalalapat sa lahat ng pinauupahang tirahan sa Lungsod ng Glendale, maliban sa mga apartment na itinayo pagkatapos ng Pebrero 1, 1995, mga indibidwal na yunit ng condominium, at single family dwelling. Saklaw din nito ang mga accessory dwelling units at mga sillid sa hotel na pinauupahan na pangmatagalan (extended stays).

Gaano katagal ipatutupad ang Rent Increase Freeze (Walang Pagtataas sa Halaga ng Renta)?

Ang Rent Freeze ay ipatutupad mula Marso 24, 2020 hanggang sa matapos ang emerhensiyang kautusan, na sa kasalukuya ay hanggang Mayo 15, 2020, maliban kung ito ay pinalawig pa.

Kung ang nagpapaupa ay nagbigay ng paunawang magtataas ng renta mula Abril 1, 2020 bago ipinatupad ang Rent Freeze, obligado bang magbayad ang nangungupahan ng tumaas na halaga ng renta?

Hindi. Ang nangungupahan ay maaaring patuloy na magbayad ng renta sa halagang kanilang binabayaran noong Marso 24, 2020. Ang pagtaas ng renta na epektibo mula Abril 1, 2020 ay walang bisa at ang nagpapaupa ay muling mag-iisyu ng bagong paunawa kapag natapos na ang pagpapatupad ng Emerhensiyang Kautusan.

Maaari bang magbigay ng paunawa sa pagtaas ng renta ang landlord kung ang pagtaas ng renta ay magiging epektibo pagkatapos ng Emerhensiyang Kautusan?

Hindi. Ang isang nagpapaupa ay hindi maaaring mag-iisyu ng paunawa ng pagtaas ng renta sa panahon ng rent freeze kahit na ang epektibong petsa ng pagtataas ay pagkatapos pa ng panahon ng pagpapatupad ng emerhensiyang kautusan. Dapat maghintay ang nagpapaupa na matapos ang pagpapatupad ng emerhensiyang kautusan bago mag-iisyu ng maipatutupad na paunawa sa pagtaas ng renta.

Kung ang nagpapaupa ay naglabas ng paunawa tungkol sa pagtaas ng renta bago sa

Marso 24, 2020 at epektibo PAGKATAPOS ng pagpapatupad ng Kautusang Emerhensiya, maipatatupad pa ba ang pagtataas ng renta?

Hindi, ang nagpapaupa ay dapat muling mag-isyu ng bagong paunawa tungkol sa pagtataas ng renta kapag natapos na ang pagpapatupad ng Kautusang Emerhensiya.

Kailangan ko bang bayaran ang aking renta sa panahong ipinatutupad ang kautusang emerhensiya tungkol sa COVID-19?

Oo, kung magagawa mo, dapat mong bayaran ang renta na obligado mong bayaran. Gayunpaman, kung hindi ka makabayad ng renta sa dahilang nauugnay sa COVID-19, maaari mong ipagpaliban ang iyong (mga) bayad sa renta nang hanggang 12 buwan sang-ayon sa seksyon ng Moratorium sa Pagpapaalis ng Kautusang Emerhensiya tungkol sa mga isyung kaugnay ng hindi pagbabayad ng renta.